Pangalan: ___________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Pagtukoy sa Pangunahin at Sumusuportang Kaisipan**

**I. PANUTO:** Basahin at unawain ang mga sumusunod na talata. Pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Para sa mga bilang 1–3, basahin ang talata sa ibaba.

Isa sa mga pinakakilalang larangan ng katutubong likhang-sining ang paghahabi ng tela. Kabilang dito ang mga Malong ng Maranao at Maguindanao, T'nalak ng mga T'boli, Abel o Inabel ng mga Ilokano, Gaddang ng mga Kalinga, at marami pang iba. Isa ang Pilipinas sa may pinakamayamang tradisyon ng paghahabi sa Timog-Silangang Asya. Ilan lamang ang mga nabanggit sa napakayamang kultura ng paghahabi sa ating bansa. Upang panatilihin ang tradisyong ito, kinikilala ng NCCA ang mga katutubong manlilikha. Kabilang sa mga tumanggap ng parangal bilang Gawad Manlilikha ng Bayan sina Apo Magdalena Gamayo, Lang Dulay, Salinta Monon, at Yabing Masalon Dulo.

1. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagtataglay ng pangunahing kaisipan ng talata?
   a. Isa sa mga pinakakilalang larangan ng katutubong likhang-sining ang paghahabi ng tela.
   b. Isa ang Pilipinas sa may pinakamayamang tradisyon ng paghahabi sa Timog-Silangang Asya.
   c. Nagbigay ang NCCA ng Gawad Manlilikha ng Bayan upang panatilihin ang kultura ng paghahabi.
   d. Ang Malong, T'nalak, Abel o Inabel, Gaddang, at marami pang iba ang ilan sa mga kilalang habi sa ating bansa.

2. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagtataglay ng sumusuportang kaisipan ng talata?
   a. Isa sa mga pinakakilalang larangan ng katutubong likhang-sining ang paghahabi ng tela.
   b. Isa ang Pilipinas sa may pinakamayamang tradisyon ng paghahabi sa Timog-Silangang Asya.
   c. Maaari nating suportahan ang kultura ng paghahabi ng mga katutubong manlilikha.
   d. Ang pagbili ng mga produktong gawa ng mga manghahabi ay isang paraan upang masuportahan natin sila.

3. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na paglalarawan sa sumusuportang kaisipan?
   a. Ito ay pamagat din ng artikulo.
   b. Ito ay palaging nasa unang bahagi ng talata.
   c. Ito ang nagtataglay ng pinakamahalagang diwa ng talata.
   d. Ito ay sumusuporta sa pinakamahalagang kaisipan ng talata.

Para sa mga bilang 4–6, basahin ang talata sa ibaba.

Ang mayamang kultura ng paghahabi ay magagawa pang lalong pagyamanin. Maaari nating tangkilikin ang mga likhang-sining sa paghahabi. Isang halimbawa ang pagpili ng mga face mask na hinabi na kailangan ng lahat ngayon. Isa pang paraan ang pagkilala sa mga manghahabi natin. Huli, maaari nating pag-aralan ang paraan ng paghahabi upang ipagpatuloy ang mayamang kulturang ito. Kahit na tayo ay bata, may magagawa tayo para mapagyaman ang kultura ng paghahabi.

4. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagtataglay ng pangunahing kaisipan ng talata?
   a. Bumili ng mga face mask na hinabi.
   b. Tangkilikin ang mga likhang-sining sa paghahabi.
   c. Isa pang paraan ang pagkilala sa mga manghahabi natin.
   d. Ang mayamang kultura ng paghahabi ay magagawa pang lalong pagyamanin.

5. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagtataglay ng sumusuportang kaisipan ng talata?
   a. Mapagyayaman ng mga kabataan ang kultura ng paghahabi sa ating bansa.
   b. Maaari nating tangkilikin ang mga produktong gawa sa likhangsining ng paghahabi.
   c. Ang mayamang kultura ng paghahabi ay magagawa pang lalong pagyamanin.
   d. Maraming paraan upang mapagyaman ang kultura ng paghahabi sa Pilipinas.

6. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na paglalarawan sa pangunahing kaisipan?
   a. Ito ay pamagat din ng artikulo.
   b. Ito ay palaging nasa unang bahagi ng talata.
   c. Ito ang nagtataglay ng pinakamahalagang diwa ng talata.
   d. Ito ay sumusuporta sa pinakamahalagang kaisipan ng talata.

Para sa mga bilang 7-8, basahin ang talata sa ibaba.

> Ang habi ay tela na binuo sa pamamagitan ng pinagsalit-salit na mga himaymay, hibla, o sinulid. Isa sa mga habi na nakilala sa Pilipinas ang T'nalak. Espesyal ang proseso ng paggawa ng T'nalak. Ang mga babaeng manghahabi ng T'nalak ay nagmula sa lahi ng mga T'boli. Maituturing na katangi-tangi ang paraan ng kanilang paghahabi. Wala silang sinusunod na padron sa paghahabi. Ayon nga sa programang Kultura 101 with Cat ng National Commission for Culture and the Arts o NCCA, nakadepende lamang ang mga disenyong binubuo sa kanilang isip. Naniniwala ang mga T'boli na banal ang proseso ng paghahabi ng T'nalak sapagkat ito ay nabuo sa panaginip ng mga manghahabi, kaya nga sila ay tinawag na manghahabi ng hiraya o mas kilala bilang dreamweavers.

7. Alin sa sumusunod ang pangunahing kaisipan ng talata?
   a. Espesyal ang proseso ng paggawa ng T'nalak.
   b. Ang mga babaeng manghahabi ng T'nalak ay nagmula sa lahi ng mga T'boli.
   c. Nakadepende lamang sa isip ng mga manghahabi ang mga disenyong binubuo nila.
   d. Maituturing na katangi-tangi ang paraan ng kanilang paghahabi sapagkat wala silang sinusunod na padron sa paghahabi.

8. Ang sumusunod ay sumusuportang kaisipan sa talata maliban sa isa.
   a. Espesyal ang proseso ng paggawa ng T'nalak.
   b. Walang sinusunod na padron sa paghahabi ang mga manghahabi ng hiraya.
   c. Nakadepende lamang sa isip ng mga manghahabi ang mga disenyong binubuo nila.
   d. Naniniwala ang mga T'boli na banal ang proseso ng paghahabi ng T'nalak sapagkat ito ay nabuo sa panaginip ng mga manghahabi.

Para sa mga bilang 9-10 basahin ang talata sa ibaba.

> Ang pastilyas ay matamis na pamana ng kolonyalismong Espanyol. Ito ay kending gawa sa gatas. Kilalang-kilala ngayon ang malambot na pastilyas na kung tawagin ay pastilyas de-letse. Gawa ito ng kababaihang taga-San Miguel de Mayumo, Bulacan. Katangitangi ang balot nito na kung tawagin ng mga lokal ay "pabalat." Kakaiba ang pagkakabuo ng pabalat. Ginagamitan ito ng makukulay na papel de hapon. Masinsinang ginupit-gupit ang malaking buntot nito upang makalikha ng napakagandang disenyo. Sa ganda nito, iniingatan ng mga taga-tangkilik ang pagbubukas ng pabalat na ito. Ayon pa sa kababaihang nagtuturo sa mga kabataan ng paggawa ng pabalat, maaaring gamiting pandekorasyon ang pabalat ng pastilyas matapos itong gamiting pambalot.

9. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng pangunahing kaisipan ng talata?
   a. Ang pabalat ay nililikha ng kababaihan mula sa San Miguel, Bulacan.
   b. Ipinagmamalaking produkto ng taga-Bulacan ang pastilyas dahil sa pabalat nito.
   c. Ito ay kakaibang pambalot ng pastilyas na tinatawag na isa sa mga paboritong panghimagas at pasalubong din ng mga taga- Bulacan.
   d. Kakaiba ang pagkakabuo nito sapagkat ito ay ginagamitan ng papel de hapon at ginupit-gupit upang makalikha ng napakagandang disenyo.

10. Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na paglalarawan sa pangunahing kaisipan?
   a. Ito ay pamagat din ng artikulo.
   b. Ito ay palaging nasa unang bahagi ng talata.
   c. Ito ang nagtataglay ng pinakamahalagang diwa ng talata.
   d. Ito ay sumusuporta sa pinakamahalagang kaisipan ng talata.